

Will H. Ector, Jr.
Superintendent

1376 Piedmont Road
San Jose, CA 95132-



Phone: (408) 923-1800
Fax: (408) 923-0623

Enero 26, 2015

Minamahal Naming mga Magulang,

Kami ay sumusulat sa inyo upang kayo ay bigyang ulat ukol sa sitwasyon ng Tigdas sa California at sa Santa Clara County, at mag rekomenda na ang lahat sa komunidad ay repasuhin ang kanilang mga talaan ng mga bakuna at kumuha ng bakuna sa Tigdas kung kinakailangan.

Nitong Enero 22, limangpo't-siyam (59) na tao sa California ay kinumpirmang may tigdas sa simula ng taon. Apatnapong-dalawa (42) o pitongpo't-isang porsiyento (71%) ay inuugnay sa Disneyland "theme parks" sa Anaheim, California. Sa Santa Clara County, mayroon na tayong dalawang kumpirmadong kaso ng Tigdas, kapwa sa matanda, ngunit walang palatandaan na inuugnay sa Disneyland. Ibig sabihin, ang Tigdas ay maaaring nagpapalipat-lipat na hindi napapansin sa ating komunidad, bagamat hindi natin alam kung gaano kalawak.

Nais naming tiyaking muli sa mga magulang na wag mangamba. Kung ang inyong mga anak ay nabakunahan na, sila ay protektado na sa Tigdas. Gayunman, ang silakbo ng Tigdas ay nagsisilbing mahalagang paalala sa lahat na siguruhin na sila ay hindi tatalaban o nabakunahan na laban sa Tigdas.

Ang Tigdas ay lubhang nakakahawa ngunit labis ding maiiwasan sa pamamagitan ng mga bakuna. Ang Tigdas ay maiiwasan sa pamamagitan ng kombinasyon ng MMR (measles, mumps, at rubella) na bakuna. Ang U.S. Centers for Disease Control and Prevention (CDC) ay nag-rerekominda na ang mga bata ay kumuha ng mga dalawang dosis: ang unang dosis ay sa labing-dalawa hanggang labing-limang buwang taong gulang, at ang pangalawang dosis ay sa apat hanggang anim na taong gulang. Ang bakuna para sa Tigdas ay nag-poprotekta hindi lamang sa mga taong nababakunahan, ngunit ang komunidad sa paligid nila, kasama ang wala pang labing-dalawang buwang taong gulang na mga sanggol na napaka bata pa upang mabakunahan.

Ang mga kabataan at mga matanda ay kinakailangan ding magpabago ng mga bakuna. Ang mga pinanganak bago 1957 ay tinuturing na hindi na kakapitan sapagkat sila ay marahil nagkaroon na ng Tigdas nung sila ay bata pa at nabuo na ang kanilang natural na kaligtasan sa sakit. Kung kayo ay may mga tanong ukol sa kalagayan ng pagbabakuna, konsultahin lamang ang inyong doktor, siya ay magpapasya kung kayo ay dapat bigyan pa muli ng bakunang MMR o magsagawa ng pagsusuri sa dugo upang tingnan ang inyong kaligtasan sa Tigdas.

Sa iba pang mga impormasyon ukol sa Tigdas maaari lamang bisitahin ang www.sccphd.org at iklick sa "Measles Information", at tingnan ang pahina ng "CDC's measles information" sa www.cdc.gov/measles.

Matapat na Sumasainyo,

Will H. Ector, Jr.
Superintendent

BOARD OF TRUSTEES

Thelma Boac

Richard Claspill

David Cohen

Hugo Jiménez

Khoa Nguyen